**Ikatlong Markahang Pagsusulit**
**MTB- MLE**
**Talaan ng Ispisipikasyon**

| Nilalaman | Bl g. ng Ar a w | % ng O ra s | Blg . ng Ara w | Kaa lam an 60% | Pa ng- un aw a 30 % | *Pag-aa nalisa 10%* | Kinal alag yan ng Ayte m |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Natutukoy ang mga salitang may kambal katinig/klaster | 5 | 13% | 4 | 4 | | | 1-4 |
| 2. Natutukoy kung alin ang una, pangalawa, pangatlo at kasunod pang pangyayari sa kuwento | 7 | 18% | 5 | 5 | | | 5-9 |
| 3.Natutukoy ang sanhi at bunga | 6 | 14% | 5 | 5 | | | 10-14 |
| 4. Natutukoy ang mga salitang nagsasabi ng kinalalagayan o lokasyon | 5 | 13% | 4 | 4 | | | 15-18 |
| 5. Natutukoy ang mga angkop na magagalang na pananalita na ginagamit sa kaukulang sitwasyon na naaayon sa sariling kultura | 12 | 30% | 9 | | 9 | | 19-27 |
| 6.Nakasisipi ng isang patalastas na gumagamit ng wastong pagkakapasok ng pangungusap, bantas at malaking letra | 5 | 12% | 3 | | | 3 | 28-30 |
| KABUUAN | 40 | 100 % | 30 | 18 | 9 | 3 | 1-30 |

**IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT**

# MTB-MLE II

**Pangalan: __________________________ Iskor: _____________**

**Petsa: _____________________________ Guro: ________________________**

**I. Panuto: Bilugan ang mga salitang may kambal katinig sa pangungusap.**

1. **Ang hugis ng globo na ginagamit namin sa Sibika ay bilog.**
2. **Umabot sa 10° ang klima sa Baguio.**
3. **Nagkagulo ang klase dahil sa pagsayaw ng mga bata.**
4. **Maganda ang ayos ng plasa para sa palatuntunang gaganapin.**

**II. Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga Pangyayari sa Kwento:**
**Basahin ang isang maikling kwento, pagkatapos ay lagyan ng bilang ang mga bituin ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.**

**Ang Lobo at ang Ubas**

**Minsan ay inabot ng gutom sa kagubatan ang isang lobo (wolf). Nakakita siya ng isang puno ng ubas na hitik ng hinog na bunga. "Swerte ko naman. Hinog na at tila matatamis ang bunga ng ubas," ang sabi ng lobo sa sarili.**

**Lumundag ang lobo upang sakmalin ang isang bungkos ng hinog na ubas subalit hindi niya maabot ang bunga. Lumundag siyang muli, at muli, at muli pa subalit hindi pa rin niya maabot ang ubas.**

**Nang mapagod na ay sumuko rin sa wakas ang lobo at malungkot na umalis palayo sa puno. "Hindi na bale, tiyak na maasim naman ang bunga ng ubas na iyon," ang sabi niya sa sarili.**

**Lagyan ng bilang 1-5 ang mga bituin sa ilalim nito.**

5. **Nakakita siya ng puno ng ubos na hitik ng hinog na bunga.**
6. **Lumundag ang lobo at lumundag ng lumundag ngunit wala siya nakuha.**
7. **Sa isang kagubatan ay inabot ng gutom ang lobo.**
8. **Sinabi na lamang ng lobo sa sarili na maasim naman ang bunga ng ubas.**

9. Nasabi ng lobo sa sarili na masuwerte siya sa nakitang puno ng ubas.

**III. Panuto: Pag-ugnayin ang Hanay A sa Hanay B upang makabuo ng Sanhi at Bunga.**

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____ 10. Nagputol ng puno si Lino sa kabundukan | a. bumaha |
| _____ 11. Nag-aral mabuti si Nena | b. gumuho ang lupa |
| _____ 12. Naligo sa ulan si Jose | c. nakapasa sa pagsusulit |
| _____ 13. Malakas na bagyo ang dumating | d. nagkasakit |

**IV. Panuto: Piliin ang angkop na salitang nagpapakita ng wastong kinalalagyan o lokasyon na nasa kahon. Isulat ito sa patlang.**

| | | |
|---|---|---|
| Gilid | Harap | Ibabaw |
| Loob | Ilalim | |

14. ___________ 

16. ____________ 

15. ___________ 

17. _____________ 

**V. Panuto: Pillin ang magalang na pananalita na angkop na gamitin sa pakikipag-usap sa telepono. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang.**

**_______ 18. Tumunog ang inyong telepono isang tanghali. Sa pagsagot nito, ano ang iyong sasabihin?**

**A. Magandang tanghali. Sino sila?**
**B. Sino sila?**
**C. Magandang tanghali po. Maaari po bang malaman kung sino sila?**

**_______19. Kapag nagpasalamat ang iyong kausap, ano ang iyong isasagot?**
**A. Walang anuman po!**
**B. Paumanhin po!**
**C. Paalam po!**

**________ 20. Kapag wala ang taong nais kausapin ng tumatawag, ano ang iyong sasabihin**
**A. Bakit mo tinatanong?**
**B. Ikinalulungkot ko po. Wala po siya dito ngayon.**
**C. Wala siya dito.**

**________ 21. Kapag tatawagin mo ang taong gustong makausap ng tumatawag, ano ang iyong sasabihin?**
**A. Maghintay ka at tatawagin ko siya.**
**B. Tatawagin ko siya.**
**C. Sandali lamang po at tatawagin ko siya.**

**VI. Panuto: Isulat ng wasto ang patalastas upang makabuo ng isang talata. Gamitan ng wastong bantas. 22-30**

**patalastas**

**ipinabibigay alam sa lahat na magkakaroon ng isang pambayang paligsahan sa pagsayaw sa darating na ika-14 ng pebrero 2014 na gaganapin sa bulwagang bayan. kung nais sumali, magpatala lamang sa kalihim na nakatalga sa barangay mula enero 1 2014. bumuo ng hanggang anim na miyembro**

**SUSI NG PAGWAWASTO**
**MTB-MLE**

1. globo
2. klima
3. klase
4. plasa
5. 2
6. 4
7. 1
8. 5
9. 3
10. b
11. c
12. d
13. a
14. gilid
15. ibabaw
16. ilalim
17. loob
18. C
19. A
20. B
21. C
22-30.

| Patalastas |
|---|
| Ipinabibigay alam sa lahat na magkakaroon ng isang Pambayang Paligsahan sa pagsayaw sa darating na ika-14 ng Pebrero 2014 na gaganapin sa Bulwagang Bayan. Kung nais sumali, magpatala lamang sa kalihim na nakatalga sa barangay mula Enero 1, 2014. Bumuo ng hanggang anim na miyembro. |